**ACADEMIC INTEGRITY**.

*As a student of the University of the Philippines, I pledge to act ethically and uphold the value of honor and excellence.*

*I understand that suspected misconduct on given assignments/examinations will be reported to the appropriate office and if established, will result in disciplinary action in accordance with University rules, policies and procedures. I may work with others only to the extent allowed by the Instructor.*

**COPYRIGHT NOTICE**

*This material has been reproduced and communicated to you by or on behalf of University of the Philippines pursuant to PART IV: The Law on Copyright of Republic Act (RA) 8293 or the "Intellectual Property Code of the Philippines".*

*The University does not authorize you to reproduce or communicate this material. The Material may contain works that are subject to copyright protection under RA 8293. Any reproduction and/or communication of the material by you may be subject to copyright infringement and the copyright owners have the right to take legal action against such infringement.*

**DATA PRIVACY**

*The UP Privacy Policy Notice for Students can be accessed at https://privacy.up.edu.ph/privacy-notices/ups-privacy-notice-for-students.html.*

*I understand and agree that in order to help UP uphold my right to privacy and to comply with laws, rules, regulations, UP policies and issuances, I must take all reasonable steps to secure and keep confidential the credentials (passwords, passcodes, meeting IDs and passwords etc) provided to me in order to access UPs data processing systems (eg UP mail, registration systems learning management systems), online classes held via Zoom, Meet, Teams and such other video or tele conferencing resources, electronic subscriptions and the like.*

*I agree that I will not, through any act or omission, enable third parties to use such credentials when to do so would violate or would lead to the violation of existing laws such as the Data Privacy Act of 2012, Intellectual Property Code of the Philippines, Cybercrime Prevention Act of 2012 and other applicable laws, rules and regulations University policies such as the policies governing staff and student discipline, the Acceptable Use Policy (AUP) of the University, IT security issuances and measures and the like.*

*I understand and agree that in the event I violate such undertaking UP may, pursuant to applicable laws, rules, regulations and UP policies including its AUP*

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

*suspend and/or cancel such access credentials without prejudice to and in addition to all other legal remedies and actions that UP and or affected third parties may take against me.*

**ACCEPTABLE USE POLICY**

*The UP Manila Canvas/ UP Manila Virtual Learning Environment is covered by the University of the Philippines' Acceptable Use Policy, which you can access at https://upd.edu.ph/aup/.*

*By logging into UP Manila Canvas/ UP Manila Virtual Learning Environment, you agree to the Acceptable Use Policy of the University.*

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

# PHILIPPINE ARTS 150: INTRODUKSIYON SA PAG-AARAL NG KAMANAHANG KULTURAL

**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

## GABAY SA KURSO

### DESKRIPSYON

Ang kursong ito ang magsisilbing panimulang pagsipat sa saklaw at sakop ng pag-aaring kultural sa Pilipinas. Nakatuon ito sa ilang piling halimbawa ng kamanahang kultural sa isang tukoy na lokalidad. Sa pamamagitan ng kursong ito, matutunghayan at maisasakonteksto ng estudyante ang iba't ibang usapin at puwersa na nakakaapekto sa pagsusuri ng kamanahang kultural sa bansa. Sa kurso, maihahanda ang kritikal na lente ng mga estudyante upang masuri kung paano nakasasabay, nababago, o nawawala ang mga anyo ng pamanang kultural sa iba't ibang lokalidad at komunidad.

### LAYUNIN SA PAGKATUTO

Sa katapusan ng kurso, inaasahan ang mag-aaral ay:

1. Nakatutukoy at nakapagpapaliwanag ng konsepto, kasaysayan, at mga anyo ng Kamanahang Kultural sa Pilipinas;
2. Nakapagsusuri ng iba't ibang pamantayan, batas, at halimbawa tungo sa tunguhin ng pagtukoy at pangangalaga sa mga kamanahang kultural;
3. Nakapagtatasa at nakapagtitimbang ng iba't ibang gawain, salik, at usapin na nakaaapekto sa pag-iral ng mga kamanahang kultural;
4. Nakabubuo ng pagsusuri, pagpaplano, at pagsusulong ng posisyon at papel para sa pangangalaga ng kamanahang kultural bilang bahagi ng pagbabalangkas ng pagkabansa.

### BALANGKAS

**I.** Kamanahang Kultural bilang Konseptuwal na Balangkas
- A. Uri ng Kamanahang Kultural
  - 1. Nasasalat na Kultura (Tangible)
  - 2. Di-nasasalat na Kultura (Intangible)
- B. Pananaliksik at Dokumentasyon ng Pag-aaring Kultural

II. Kamanahang Kultural sa Pilipinas

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

A. Mga Batas hinggil sa Kamanahang Kultural
   1. Article XIV, Sek. 14, 15, 16, at 17 ng 1987 Constitution
   2. Republic Act 8371- Indigenous Peoples' Rights Act of 1997*
   3. Republic Act No. 10066 - National Cultural Heritage Act of 2009
   4. Republic Act No. 10086 –National Historical Commission of the Philippines (NHCP) Charter (2009)
   5. Republic Act 11333 The National Museum of the Philippines Act (2019)
   6. Republic Act 11194 Gabaldon School Buildings Conservation Act (2019)

B. Mga Kategorya ng Pag-aaring Kultural o Important Cultural Property (ICP)
   1. National Cultural Treasures
   2. World Heritage Sites
   3. National Historical Shrine
   4. National Historical Monument
   5. National Historical Landmark

C. Ispesipikong Halimbawa ng Implementasyon at Tunggalian sa Pagpapatupad ng mga Batas hinggil sa Kamanahang Kultural
   1. Joya vs PCGG, G.R. No. 96541, Aug. 24, 1993
   2. Manila Prince Hotel vs GSIS, G.R. NO. 122156. February 3, 1997
   3. Army Navy Club of Manila Inc., v. CA ( G.R. No. 110223, April 8, 1997)
   4. Knights of Rizal vs DMCI, G.R. No. 213948, April 18. 2017

III. Mga Kritikal na Usapin sa Kamanahang Kultural

A. Ang Turismong Kultural
B. Ang Papel ng Gobyerno at mga Pribadong Institusyon sa Isyu ng Preserbasyon
C. Museo, Arkibo, at Monumento o Kung Paano Pinahahalagahan ang Kamanahang
   Kultural
D. Konstruksiyon at ang Nagbabagong Mukha ng Pamayanan
E. Ang Presentasyon ng Kamanahang Kultural at Paglahok ng Publiko
F. Pagnanakaw at Pamemeke ng Kamanahang Kultural at ang Kapangyarihan ng Black Market

IV. Paglulugar sa Kamanahang Kultural bilang Lunan ng Artikulasyon ng Identidad, Gunita, at Pagkabansa

A. Pagkilos tungo sa Preserbasyon at/o Konserbasyon
B. Ang Adaptive Re-Use at ang mga Hangganan nito
C. Alokasyon ng Pondo at Pagpopondo ng Nasyonal na Pamahalaan
D. Pagpapakilos ng Lokal na Pamahalaan at Komunidad
E. Ang Karapatan ng Pribadong Pagmamay-ari at Usapin ng "Praktikalidad"

**MODA NG PAGHAHATID NG KURSO:**

Sa pangkalahatan, asingkrono ang paraan ng pagsasagawa ng klase. Naka-upload bilang PA 150 (Ma'am Ow) sa VLE ang kursong ito. Ang lahat ng modyul, gawain, rubrik at mga materyal sa kurso ay matatagpuan sa VLE. Limitado ang klase sa isang singkronong klase (Zoom meeting) kada linggo sa loob ng semestre. Ngunit maaring magpakonsulta sa pamamagitan ng VLE sa oras at araw ng klase. Maari

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

ding mag-email na onjoson@up.edu.ph. Bawat gawain ay bibigyan din ng feedback sa VLE o sa email.

**MGA KAGAMITAN AT BABASAHIN SA KURSO**
Ang nilalaman ng course pack para sa PA 150 ay ang sumusunod:
- Gabay sa Kurso (Course Guide)
- Gabay sa Pag-aaral (Study Guide)
- Mga Modyul at Babasahin (Learning Resources)

Sa **Gabay sa Kurso** makikita ang deskripsyon at layunin sa pagkatuto ng kurso. Dito makikita ang detalyadong silabus na gagamitin sa klase. Dito rin makikita ang mga detalyeng mahalaga sa magiging daloy ng kurso ngayong semestre.

Ang **Gabay sa Pag-aaral** ay binubuo ng ng pagpapakilala sa paksa, layunin, at mga babasahin sa loob ng semestre. Dito na rin matatagpuan ang Gabay sa Gawain at Gabay sa Assignment, kabilang ang rubrik, at deadline. Magsisilbi itong pangkalahatang gabay sa magiging daloy ng semestre.

Ang mga **Modyul at Babasahin** ng PA 150 ay madaling mada-download o maaakses ng mga estudyante sa internet o sa pamamagitan ng VLE. Ang mga modyul ay binubuo ng introduksiyon, layunin sa pagkatuto, gabay sa pagbasa ng mga babasahin, at paglalagom.

**ISKEDYUL NG KLASE**

| Linggo | Paksa | Modyul at Basasahin | Mga Gawain at Kahilingan |
|---|---|---|---|
| **1** | Oryentasyon sa Klase<br>Introduksiyon sa Kurso | Modyul 1 | Talakayan sa klase |
| 2 | Kamanahang Kultural bilang Konseptuwal na Balangkas | Modyul 2<br><br>Martina M. Keitsch, *Heritage, Conservation, and Development* | Talakayan sa klase<br><br>Maikling Pagsusulit |
| 3-4 | Uri ng Kamanahang Kultural<br><br>1. Nasasalat na Kultura (Tangible)<br><br>2. Di-Nasasalat na Kultura (Intangible) | Modyul 3<br><br>Konstitusyon ng Pilipinas 1987<br><br>Republic Act No. 10066 - National Cultural Heritage | Talakayan sa klase<br><br>Ulat/Presentasyon |

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | Act of 2009<br><br>Vecco, M. *A definition of cultural heritage: From the tangible to the intangiblle*<br><br>Republic Act No. 10066 - National Cultural Heritage Act of 2009<br><br>Perry, B., et al., *Cultural heritage entanglements: festivals as integrative sites for sustainable urban development*.<br><br>Valdez, M. L. A. Parada ng Lechon sa Balayan, Batangas | |
| 5-6 | Pananaliksik at Dokumentasyon ng Pag-aaring Kultural | Modyul 4<br>Cook at Traylor, *Contemporary Guide to Cultural Mapping*<br><br>Zerrudo, *Cultural Mapping Project*<br><br>Talapamana ng Pilipinas o Philippine Registry of Cultural Property (PRECUP) | Talakayan sa klase<br><br>Reflection Paper |
| 7 | Kamanahang Kultural sa Pilipinas<br><br>Mga Batas hinggil sa Kamanahang Kultural | Modyul 5<br><br>Cruz, G. *A Review of How Philippine Colonial Experience Influenced the Country's Approaches to Conservation of* | Talakayan sa klase<br><br>Maikling Pagsusulit |

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | *Cultural Heritage*<br><br>RA 10086<br><br>RA 11333<br><br>RA 11194 | |
| 8 | Ispesipikong Halimbawa ng Implementasyon at Tunggalian sa Pagpapatupad ng mga Batas hinggil sa Kamanahang Kultural | Joya vs PCGG, G.R. No. 96541, Aug. 24, 1993<br><br>Manila Prince Hotel vs GSIS, G.R. NO. 122156. February 3, 1997<br><br>Army Navy Club of Manila Inc., v. CA ( G.R. No. 110223, April 8, 1997)<br><br>Knights of Rizal vs DMCI, G.R. No. 213948, April 18. 2017 | Talakayan sa klase<br><br>Paggawa ng Case digests |
| 9-10 | Mga Kritikal na Usapin sa Kamanahang Kultural:<br><br>*A.* Pinaniniwalaang Tunggalian sa pagitan ng Pag-unlad at Pag-iingat sa Kamanahang Kultural<br>*B.* Turismong Kultural | Modyul 6<br><br>Venida, *Conflicts over Heritage*<br><br>Cruz, *The Cultural Heritage-Oriented Approach to Economic Development*<br><br>Bujdosó, Z. et al. Basis of heritagization and cultural tourism development. | Talakayan sa Zoom meeting<br><br>Ulat/Presentasyon |
| 11-13 | Paglulugar sa Kamanahang Kultural bilang Lunan ng Artikulasyon ng Identidad, Gunita, at Pagkabansa<br>A. Ang Adaptive Re-Use at ang mga Hangganan nito | Modyul 7<br><br>Estonanto, C. et al., *The Role of the National Government in the Preservation of the* | Talakayan sa klase<br><br>Komparatibong papel |

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

| | | | |
|---|---|---|---|
| | B. Pagkilos tungo sa Preserbasyon at/o Konserbasyon | *World Heritage Site of Crisologo Street*<br><br>Yu, et al. *Supporting Local Initiatives in Preserving Heritage Buildings In Iloilo City (Philippines) through Risk Assessment*<br><br>Perez at Templanza, *Local studies centers: transforming history, culture and heritage in the Philippines* | Ulat/Presentasyon |
| 14 | Paglalagon ng Kurso | | |

**KAHILINGAN SA KURSO**.

Maikling Pagsusulit 30%

Pangunahing sanaysay 20%

Pag-uulat 50%

<u>Maikling Pagsusulit</u>
Nakatala sa mga modyul ang paksa, uri, at saklaw ng maikling pagsusulit. Gaganapin ito onsite sa araw ng klase.

<u>Pangunahing Sanaysay</u>
Ang pangunahing sanaysay ay isang komparatibong papel. Nakatala sa huling modyul ang paksa, format, at rubrik ng sanaysay. Layunin nitong linangin ang kakayahan ng estudyante na maging mapanuri sa paglulugar ng kamanahang kultural sa lipunan.

<u>Pag-uulat</u>
Ang mga ulat at paggagrado sa ulat ay pangkatan. Nakasaad sa modyul ang format, paksa, at daloy ng mga ulat. Isusumite ang mga presentasyon sa VLE. Karaniwang pumipili ng isang miyembro ng pangkat na mag-uulat ng presentasyon ngunit lahat ng miyembro ay magkakaroon ng pagkakataon na makapag-ulat sa ngalan ng kaniyang pangkat. Inaasahang maipapakita ng mga estudyante sa pamamagitan ng kanilang mga ulat ang kaniyang husay sa pananaliksik, at pagsusuri sa iba't ibang paksa tungkol sa kamanahang kultural.

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

**TUNGKOL SA PROPESOR**

Nagsimula akong magturo noong 1998 pagkatapos ng kolehiyo at kasabay ng pag-aaral ng Masteral. Ibig sabihin, mas matanda pa ako sa mga magulang ninyo. Sumibol ako sa panahong hindi pa laganap ang teknolohiya kaya aminadong hindi ako gamay sa maraming teknikalidad ng apps, software, at internet. Pero hindi rin naman ako ignorante. Malay ako sa kahalagahan ng teknolohiya lalo ngayong nasa pandemya tayo. Kaya handang-handang ako matuto kasabay ninyo.

Pinapauso ko ang palayaw na Ma'am Ow kaya sana naman makisama kayo. Tutugon lamang ako sa palayaw na 'yan kaya maiging simulan ang inyong mga email gamit 'yan. Ang opisyal kong email account ay onjoson@up.edu.ph.

| **Sistema ng Paggagrado:** |
|---|
| 100-97 = 1.0 |
| 96-93 = 1.25 |
| 92-89 = 1.5 |
| 88-85 = 1.75 |
| 84-80 = 2.0 |
| 79-75 = 2.25 |
| 74-70 = 2.5 |
| 69-65 = 2.75 |
| 64-60 = 3.0 |
| 59-0 = 5.0 |

**MGA PANUNTUNAN SA KLASE:**

1. Mahalaga ang pagdalo sa klase. Alinsunod sa pamantayan ng unibersidad sa attendance, mayroon lamang anim (6) na pagliban ang isang estudyante. Sa ikapitong (7) pagliban, tatanggap siya grade na DRP (DROPPED).
2. Para sa mga presentasyon ng pangkat, isang miyembro lamang ang magsusumite/mag-a-upload ng file sa ngalan ng pangkat. Tiyaking nakasulat ang pangalan ng pangkat, at pangalan ng mga miyembro. Palaging nasa PDF format ang mga isusumiteng kahilingan sa klase. Pangalan ng pangkat ang default file name.
3. Kailangan tiyaking may akses ang propesor sa Google Drive para sa mga isusumiteng gawain. Kung hindi nabubuksan ang file, HINDI ITO BIBIGYAN NG PUNTOS (zero points).

4. I-send ang mga gawain/kahilingan (requirements) sa VLE submission page. Huwag i-send sa email ng propesor. Ang mga gawain/kahilingan (requirements) na sinend sa email ay hindi tatanggapin at bibigyan ng zero (0) na puntos.

5. Isang submission bawat Gawain o Assignment lamang ang tatanggapin. Ang unang file na isinumite sa VLE ang siyang kikilalanin bilang pinal na submission.

6. **HINDI tatanggapin ang mga nahuli (late) na submission ng mga gawain. Aalamin ang deadline at sundin ito**. Ang mga gawain/kahilingan

JOSON ALL RIGHTS RESERVED

(requirements) na nahuli (late) ay hindi tatanggapin at bibigyan ng zero (0) na puntos.

7. **Ang oras ng konsultasyon ay Lunes-Biyernes, 9nu-7ng.** Kung mag-i-email sa propesor sa araw/oras labas ng konsultasyon (Sabado, Linggo, o pista opisyal), asahan ang tugon sa opisyal na araw/oras ng konsultasyon.
8. Ang mga larawan at video submissions ay karapatang-pag-aari ng gumawa/nagsumite nito. Mahigpit na ipinagbabawal ang pag-download, pag-screenshot, at pag-share ng mga ito sa social media nang walang paalam o pahintulot mula sa may-ari. **Ang sinumang matutuklasang lumabag sa pamantayang ito ay mananagot sa ilalim ng Student Conduct and Discipline ng Unibersidad.**
9. **Mahigpit na ipinapatupad ang Academic Integrity Policy ng Unibersidad. Mahigpit na ipinagbabawal ang anumang anyo ng PLAGIARISM, PANGONGOPYA, AT PANDARAYA sa klase. Ang sinumang matuklasan at mapatunayang lumabag sa sa polisiyang ito ay tatanggap ng zero (0) puntos sa gawaing pangklase.**
10. Nirereserba ng propesor ang opsyon na gamitin ang mga isinumiteng proyektong video o sanaysay sa mga susunod pang klase para sa layuning edukasyonal. Laging kikilalanin ang karapatang pag-aari ng mga estudyante sa anumang isinumite sa klase.

JOSON ALL RIGHTS RESERVED